

Ang Agila at Ang Maya



Isang malawak na tanawin ang makikita ng sinumang mapupunta sa lugar na ito. May ibat ibang magagandang halaman at makukulay na mga bulaklak. Mataas ang mga punong parang nagpapaligsahang marating ang langit. Iba't ibang hayop ang naninirahan dito. Nakatira dito sina Maya at Agila. Tunay na biyaya ng kalikasan ang lugar na ito para sa kanila.


Isang araw, nasalubong ni Maya ang mayabang na si Agila. Palipad-lipad ito na parang eroplanong nagpapakita ng iba't ibang galaw. Sinasadya niyang ipakita ito kay Maya. Napakayabang ni Agila kaya hinamon siya ni Maya.

Madilim ang langit at mayama-maya lang ay uulan na. Nakaisip ng magandang balak si Maya.

"Agila, pabilisan tayong lumipad," hamon niya.

"Naloloko ka na ba munting Maya? Hinahamon mo ako sa isang paligsahan?" tanong ni Agila habang tuma-tawang nangungutya.





“Oo, hambog na Agila. Tama ka. Hinahamon kita. Unahan tayong makarating sa bundok na iyon! Pero lilipad tayong may bitbit. Mamili ka, dahon ng gabi o bulak?”

“May bitbit?” Napaisip si Agila. Kung ang bulak ang dadalhin niya ay tiyak na mananalo siya dahil mas magaan ito.

“Akin ang bulak! sagot ni Agila.

Lihim na ngumiti si Maya. “Malinaw, bulak ang iyo, dahon ng gabi ang akin. Tara na!”

Sa umpisa ng karera, hirap na hirap si Maya sa paglipad dahil sa dala niyang dahon ng gabi. Tuwang-tuwa naman si Agila dahil siguradong sigurado siyang siya ang mananalo.

Hindi nagtagal, nag-umpisa nang bumuhos ang ulan. Natuwa si Maya. Unti-unting gumaan ang dala niya dahil dumudulas lang ang patak ng ulan sa dala niyang dahon. Mas bumigat naman ang dalang bulak ni Agila dahil nabasa ito. Dahil bumagal ang paglipad ni Agila, unti-unting nakalamang si Maya at di nagtagal ay nalampasan na niya si Agila. Pagod na pagod si Agila pagdating sa bundok. Masama man ang loob ay tinanggap niya ang kanyang pagkatalo.

Mula noon naging matalik na magkaibigan ang dalawa.

